ACT Government
COVID-19 Factsheet

English	Filipino
Quarantine fees **International travellers entering the ACT**	**Mga bayarin sa kuwarentena** **Mga internasyonal na manlalakbay na pumapasok sa ACT**
International travellers entering the ACT	**Mga internasyonal na manlalakbay na pumapasok sa ACT**
All international travellers flying into Canberra Airport from overseas must undergo mandatory hotel quarantine in Canberra on arrival for 14 days. You can find more information on the Information for Overseas Travellers in hotel quarantine factsheet.	Lahat ng mga internasyonal na manlalakbay na lumapag sa Paliparan ng Canberra mula sa ibang bansa ay dapat sumailalim sa sapilitang kuwarentena sa hotel sa Canberra sa pagdating sa loob ng 14 na araw. Mahahanap mo ang karagdagang impormasyon sa papel-kaalaman ng kuwarentena sa hotel na Impormasyon para sa mga Manlalakbay sa Ibang Bansa (Information for Overseas Traveller).
Information about quarantine fees	**Impormasyon tungkol sa mga bayarin sa kuwarentena**
The ACT Government will be charging all returning international travellers for their hotel quarantine from Wednesday, 5 August 2020. Mandatory quarantine is needed to stop the spread of COVID-19 in ACT. The quarantine fee will reduce the financial burden of COVID-19 on ACT taxpayers. The total fee will help repay the government for the cost of	Sisingilin ng Pamahalaang ACT ang lahat ng nagbabalik na mga internasyonal na manlalakbay para sa kanilang kuwarentena sa hotel mula Miyerkules, 5 Agosto 2020. Kailangan ng sapilitang kuwarentena upang mapigilan ang pagkalat ng COVID-19 sa ACT.

providing the quarantine to you. This includes accommodation, transport, wellbeing support, PPE, screening, and testing. A budget for groceries and meals is also included in the quarantine fee (see further information below).	Ang bayarin sa kuwarentena ay magpapagaan sa pasaning pinansyal sa COVID-19 ng mga nagbabayad ng buwis sa ACT. Ang kabuuang bayarin ay makakatulong upang mabayaran ang gastos ng pamahalaan sa pagbibigay ng kuwarentena sa iyo. Kasama rito ang tirahan, transportasyon, suporta sa kagalingan, PPE, pagsusuri, at pagpapasuri. Ang badyet para sa mga groserya at pagkain ay kasama rin sa bayarin sa kuwarentena (tingnan ang karagdagang impormasyon sa ibaba).
Does the quarantine fee apply to me?	**Naaangkop ba sa akin ang bayarin sa kuwarentena?**
The quarantine fee applies to all international travellers flying into the ACT from overseas after Wednesday, 5 August 2020.	Naaangkop ang bayarin sa kuwarentena sa lahat ng mga internasyonal na manlalakbay na lumapag sa ACT mula sa ibang bansa pagkatapos ng Miyerkules, 5 Agosto 2020.
How much will I be charged?	**Magkano ang sisingilin sa akin?**
The quarantine accommodation fee is a fixed cost which includes a meal budget, room costs and other associated costs. (1) The following fees (***quarantine fees***) are payable in relation to a person required to quarantine for the standard quarantine period: (a) for an adult (a person aged 18 years and over) not in a family group—$3,000; (b) for a family group— (i) $3,000 for the first adult; and (ii) $1,000 for each additional adult; and	Ang bayarin sa akomodasyon ng kuwarentena ay pirmihang halaga na kasama ang badyet sa pagkain, mga halaga ng silid at iba pang nauugnay na gastos. (1) Ang mga sumusunod na bayarin (***mga bayarin sa kuwarentena***) ay babayaran ng isang tao na inutusang mag-kuwarentena para sa takdang panahon ng kuwarentena: (a) para sa isang adulto (isang tao na may edad na 18 taong gulang pataas) na hindi kasama sa grupo ng pamilya— $3,000;

(iii) $500 for each child aged three years or older.

For example

- a family of two adults and two children, over the age of three, in one room would pay $5,000.
- a family of two adults and four children over the age of three would pay $6,000.

All charges are in Australian dollars.

Fees apply to all international passengers including Australian Citizens and Australian permanent residents in quarantine accommodation.

(b) para sa isang grupo ng pamilya—

(i) $3,000 para sa unang adulto; at

(ii) $1,000 para sa bawat karagdagang adulto; at

(iii) $500 para sa bawat bata na may edad na tatlong taon o mas matanda.

Halimbawa

- isang pamilya na dalawang adulto at dalawang anak, na mas matanda sa edad na tatlo, sa isang silid ay magbabayad ng $5,000.
- isang pamilya na dalawang adulto at apat na anak na mas matanda sa edad na tatlo ay magbabayad ng $6,000.

Ang lahat ng singil ay nasa dolyar ng Australya.

Naaangkop ang mga bayarin sa lahat ng mga pampasaherong internasyonal kabilang ang mga mamamayan ng Australya at mga permanenteng residente ng Australya na nasa akomodasyon ng kuwarentena.

Is food included in the quarantine fee?

Kasama ba ang pagkain sa bayarin sa kuwarentena?

A budget for meals is included in the fee, as follows:

- Deliveroo vouchers

Family Group Size (persons)	One off Voucher
1	$60.00
2	$75.00
3	$85.00

Ang badyet para sa mga pagkain ay kasama sa bayarin, gaya ng sumusunod:

- mga voucher ng Deliveroo

Laki ng Grupo ng Pamilya (mga tao)	Pang-isahang Voucher
1	$60.00
2	$75.00

4	$95.00
5	$110.00
6	$120.00

- Grocery vouchers (via Red Baron)

Family Group Size (persons)	**14-day budget**
1	$280.00
2	$330.00
3	$360.00
4	$410.00
5	$460.00
6	$510.00

In addition, an initial welcome box is provided to each room with some essential grocery items. The vouchers above enable individuals to place orders and have grocery items and meals delivered.
Once this budget is exhausted, individuals will need to cover the costs of any additional grocery items.

3	$85.00
4	$95.00
5	$110.00
6	$120.00

- mga voucher ng groserya (sa pamamagitan ng Red Baron)

Laki ng Grupo ng Pamilya (mga tao)	**14-day na badyet**
1	$280.00
2	$330.00
3	$360.00
4	$410.00
5	$460.00
6	$510.00

Bukod pa rito, isang pangunang welcome box ang ibinibigay sa bawat silid na may ilang kailangang-kailangang mga item ng groserya. Ang mga voucher sa itaas ay magagamit ng mga indibidwal para mag-order at magpahatid ang mga groserya at pagkain.
Kapag naubos na ang badyet na ito, kailangang sagutin ng mga indibidwal ang mga gastos sa anumang karagdagang mga groserya.

How will I be invoiced?	**Paano ako gagawan ng invoice?**
After you check out of quarantine, you will receive an invoice from us. This will be sent to you by email or post. You will have 30 days to pay the invoice and the due date will be stated on the invoice.	Pagkatapos mong mag-check out sa kuwarentena, makakatanggap ka ng invoice mula sa amin. Ipapadala ito sa iyo sa pamamagitan ng email o post. Mayroon kang 30 araw upang bayaran ang invoice at ang takdang petsa ay nakasaad sa invoice.

How can I pay?	**Paano ako magbabayad?**
You have the following options and further details are provided on your invoice related to cheque and direct deposit payments. • Online payment with a Visa or Mastercard • Telephone payment with a Visa or Mastercard • You will also be able to set up a payment plan. For further information contact the Shared Services team on (+612) 6207 9990.	Mayroon kang mga sumusunod na opsiyon at ang karagdagang mga detalye ay nakasaad sa iyong invoice na kaugnay ng tseke at mga pagbabayad na direktang deposito (direct deposit). • Online na pagbabayad gamit ang Visa o Mastercard • Pagbabayad sa telepono gamit ang Visa o Mastercard • Magagawa mo ring magsimula ng isang plano sa pagbabayad (payment plan). Para sa karagdagang impormasyon makipag-ugnay sa pangkat ng ng Shared Services sa (+612) 6207 9990.
What if I find it difficult to pay?	**Paano kung nahihirapan akong magbayad?**
Once you have received your invoice, please contact the Shared Services team on (+612) 6207 9990 as soon as possible if you think you will have difficulty paying the fee by the due date. We can, on a case by case basis, grant an extension of time for payment and can assist you to establish a suitable payment plan. When you contact us please have your invoice number at hand.	Kapag natanggap mo na ang iyong invoice, mangyaring makipag-ugnay sa pangkat ng Shared Services sa (+612) 6207 9990 sa lalong madaling panahon kung sa palagay mo ay mahihirapan kang bayaran ang mga bayarin sa takdang araw. Maaari kaming, depende sa bawat kaso, magbigay ng palugit sa panahon ng pagbabayad at maaari kang tulungan upang magsimula ng naaangkop na plano sa pagbabayad. Kapag nakikipag-ugnay ka sa amin, mangyaring ihanda ang iyong numero ng invoice.
What if I don't think I can pay at all?	**Paano kung sa tingin ko ay hindi ako makakabayad?**

If an agreed payment extension plan is not affordable, please contact us. We will work with you to determine your capacity to pay the fees. This involves our team asking you questions about your financial and personal circumstances that may affect your ability to pay. You will be required to provide supporting evidence of your financial circumstances. We will work with you on options to resolve your fees if you claim hardship.	Kung ang isang napagkasunduang plano ng palugit sa pagbabayad ay hindi mo kayang bayaran, mangyaring makipag-ugnay ka sa amin. Makikipagtulungan kami sa iyo upang malaman kung ano ang iyong kakayahang magbayad ng mga bayarin. Kasama dito ang mga pagtatanong ng aming pangkat sa iyo tungkol sa iyong kalagayang pinansyal at personal na maaaring makaapekto sa iyong kakayahang magbayad. Hihilingin sa iyo na magbigay ng suportang ebidensya ng iyong kalagayang pinansyal. Makikipagtulungan kami sa iyo sa mga opsiyon upang mabayaran ang iyong mga bayarin kung ikaw ay nagpahayag ng kahirapan.
Financial hardship	**Kahirapang pinansyal**
You may be eligible for a fee waiver under the grounds of financial hardship if an extension or payment plan will not significantly improve your ability to pay. Eligibility is assessed against criteria including, but not exclusive to: • an inability to meet current financial obligations (e.g. home loan, immediate living expenses); and • lack of accessible savings; and • low income due to, for example, unemployment or loss of a business. If applying under this category you will be asked to provide a statement of reasons for your request as well as supporting information and evidence to allow for an assessment of financial hardship. The	Maaari kang maging marapat para sa waiver ng bayarin batay sa kahirapang pinansyal kung ang palugit ng planong pagbabayad ay hindi lubusang nakakatulong sa iyong kakayahang magbayad. Ang pagiging marapat ay tinatasa ayon sa pamantayan kasama ang, ngunit hindi eksklusibo sa: • kawalan ng kakayahang matugunan ang kasalukuyang mga obligasyong pinansyal (hal. utang sa pabahay, mga gastos sa pamumuhay); at • kawalan ng ipon na magagamit; at • mababang kita dahil sa, halimbawa, pagkawala ng trabaho o pagsasara ng negosyo. Kung nag-aaplay ng kahilingan sa ilalim ng kategoryang ito, hihilingin sa iyo na magbigay ng isang pahayag ng mga dahilan para

information and evidence required would generally be needed to verify: • identity, residency and household composition; • household income, expenses and savings; and • any other relevant factors regarding your individual circumstances. However, specific information requirements may vary on a case-by-case basis.	sa iyong kahilingan pati na rin ng suportang impormasyon at katibayan upang payagan ang isang pagtatasa ng kahirapang pinansyal. Ang mga kahingiang impormasyon at ebidensya ay karaniwang kinakailangan upang mapatunayan ang: • pagkakakilanlan, paninirahan at komposisyon ng sambahayan; • kita, gastos at ipon ng sambahayan; at • anumang iba pang nauugnay na kadahilanan tungkol sa iyong indibidwal na kalagayan. Gayunpaman, ang mga partikular na impormasyon na kinakailangan ay maaaring magkakaiba depende sa bawat kaso.
Need help?	**Kailangan mo ba ng tulong?**
You can get help from a financial counsellor by contacting the National Debt Helpline on 1800 007 007. Financial counsellors provide free, independent and confidential advice to help you manage your debts or negotiate with creditors. Unlike financial planners or advisors, they don't provide investment advice or recommend products, and they don't receive commissions. The National Debt Helpline website also has step-by-step guides and useful information on how to deal with specific types of debts.	Maaari kang makakuha ng tulong mula sa isang tagapayong pinansyal sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa National Debt Helpline sa 1800 007 007. Ang mga tagapayong pinansyal ay nagbibigay ng libre, independiyente at kompidensyal na payo upang matulungan kang pamahalaan ang iyong mga utang o makipag-ayos sa mga nagpautang. Hindi tulad ng mga tagaplano o tagapayong pinansyal, hindi sila nagbibigay ng payo sa pamumuhunan o magrerekomenda ng mga produkto, at hindi sila tumatanggap ng mga komisyon.

	Ang website ng National Debt Helpline ay mayroon ding hakbang-hakabang na mga gabay at magagamit na impormasyon kung paano haharapin ang partikular na mga uri ng mga utang.
Where can I get further information?	**Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?**
You can find further information about travel in the ACT at www.covid19.act.gov.au. More information on hotel quarantine can be found in the factsheet provided to you upon arrival. If you have further questions about the quarantine fee, please contact Shared Services on (+612) 6207 9990. For translation and interpreter services, please call 131 450. If you have concerns or complaints about your quarantine accommodation, please contact the reception desk of your accommodation facility.	Maaari kang makahanap ng karagdagang impormasyon tungkol sa paglalakbay sa ACT sa www.covid19.act.gov.au. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa kuwarentena sa hotel ay matatagpuan sa papel-kaalaman na ibinigay sa iyo sa iyong pagdating. Kung mayroon kang iba pang mga katanungan tungkol sa bayarin sa kuwarentena, mangyaring makipag-ugnay sa Shared Services sa (+612) 6207 9990. Para sa mga serbisyo sa pagsasalin at interpreter, mangyaring tumawag sa 131 450. Kung mayroon kang mga alalahanin o reklamo tungkol sa iyong akomodasyon sa kuwarentena, mangyaring makipag-ugnay sa tanggapan ng iyong pasilidad sa akomodasyon.